

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

## **EMERGENCY QUAKE EARLY WARNING REPORT**

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～緊急地震速報～

Kapag lumindol, may dalawang uri ng seismic wave ang dumarating sa Earthquake Center. Ito ay ang primary wave at ang secondary wave. Sa primary wave ay maaaring malaman ang magnitude scale at area ng lindol. Samantala, mabagal subalit malakas naman ang pagyanig na idinudulot ng secondary wave. Ilang segundo bago yumanig sa isang area ay maaaring malaman at mabigyan ng maagang babala ang lahat.

Sa Meteorological Agency, sakali mang ang pagyanig ay may nasa maximum seismic intensity 5 pababa, ang nasa intensity 5 pataas na area ay ipaalam sa publiko. Ang babala ay iparating ng NHK sa pamamagitan ng TV at radio. Bilang babala sa lindol ay may maririnig na tunog ng chime o sirena sa TV. Makikita rin sa TV ang mga talaan ng mga nasalantaang area at lakas ng pagyanig g lindol. Ang mga programa naman sa radio ay ititigil upang bigyan daan ang ang pagtunog ng sirena ukol sa lindol at pagbibigay ng impormasyon ng mga nasalantang area.

Sa pamamagitan ng mga maagang babala ay malamang na mabawasan ang mga pinsala na aaaring idulot ng lindol. May pagkakataon na maaaring mahuli o madelay rin ang mga babala sanhi halimbawa ng mga technical error at iba pa. May pagkakataon din na kahit may paunang babala sa emergency quake ay pwedeng magkulang din ang oras sa paghahanda o pagtakas. Kaya't mas mainam na protektahan natin ang ating sarili at umaksiyon na di nagpa-panic.

# Babala sa Biglaang Paglindol

きんきゅうじしんそくほう  
～緊急地震速報～

Kapag lumindol, may dalawang uri ng waves ang nabubuo sa epicenter. Ito ay ang P waves o primary waves (TATE NAMI o pa-vertical na alon) at S waves o secondary waves (YOKO NAMI o pa-horizontal na alon). Sa pamamagitan ng pagmamasid sa P waves ay malalaman sa computer ang kondisyon ng lindol. Kapag grabe ang lindol na darating ay magi-issue ng Emergency Earthquake Warning na maaaring magbabala ng ilang segundong advance para sa pagdating ng delikadong S waves.

Kung ang lindol ay nasa level 5 o higit pa sa Japanese scale, Ang Meteorological Agency ay magbibigay ng babala sa lahat ng area na maaaring salantain ng lindol. Ang warning na ito ay ipalalabas kaagad tulad sa NHK TV at sa mga programa sa radio. Ipaalam kaagad kung saan ang lindol magaganap at kung gaano ang lakas ng pagyanig nito.

Sa kasalukuyan ang teknolohiya ukol sa kaalaman sa pagdating ng lindol ay hindi pa perpekto lalo na ang tamang oras na babala sa pagdating ng lindol. Kaya't mas mainam na maging handa sa ano mang oras at kapag mayroong Emergency Earthquake Warning ay kailangang maging kalmado at magtungo kaagad sa lugar na safe hanggang ang pagyanig ay huminto.

---